



Staff & Volunteers Team Membership Agreement

The Filipino Church

Staff & Volunteers Team Membership Agreement.

Ako po ay lubos na nagpapasalamat saating Panginoon sa inyong taos-pusong pakikiisa at sa inyong pagboboluntaryo sa lahat ng gawain dito sa TFC (The Filipino Church).

Maraming ibat ibang gawain na bukas sa sino-mang nagnanais na maglingkod at paglingkuran ang ating Panginoon at ang kanyang bahay sambahan. Ang inyong involvement ay lubhang napakahalaga, at mag-iiwan ito ng kakaibang tuwa at sigla sa sinumamg makakaranas nito.

Ang mga susunod na pahina ay naglalaman ng patungkol sa The Filipino Church missions, vision, and ethics. Ang mga praktikal na kaalaman pa-tungkol sa pribadong alituntunin, paggamit ng ibat ibang kagamitan na pag mamay-ari ng ating bahay Sambahan, proteksyon seksuwal at ibat ibang polisiya.

Inaasahan ko po ang inyong panahon para basahin at unawain ang mga ito bago mag fill-up at mag sign ng ating "**Team Member Application**" at "**Team Member Agreement**" forms sa huling pahina para ikompirma na tayo ay sama-samang maglilingkod at susunod sa ating mga pamantayan. Kinakailangan pong isumite saakin ng personal.

I Trust you will enjoy your time with us, and that your life will be enriched. Pagpalain po kayo ng ating Panginoon.

Ang inyo pong Lingkod ng Diyos,

Pastor Arnold, Cristy & Krizelle Cubos.



BISYON

Isang Tapat At Masayang Pamilya Na Nag-aantay Kay Cristo!

OUR VALUES

Ang lahat ay masayang Inaanyayahan!

We look forward to see God use your gifts to further the mission of The Filipino Church.

Sa ating sama-samang paglilingkod, nais kong ibahagi sa inyo ang ilang verses sa bibliya na pinapaniwalan ng inyo lingkod at relevant saatin bilang isang team. Ang Panginoon ay may masidhing Intensyon na hubugin ang sariling kultura at values na magpapalakas sa bawat tagasunod at tagapaglingkod niya sa pagpapalaganap ng kanyang gawain. (basahin; Lucas 22:24-28) Si Pablo ay nagtatag ng isang "**Team**" na may kaparehas na values at approach sa Church (basahin ang 2 Corinto 12:17-18, 1Corinto 4:15-17, 15:58, Filipos 2:19-23)

Our Goal

Mateo 28:19-20

Ang nag-uugnay saatin ay ang ating **Misyon** kung kayat tayo ay narito. Ang ating **Vision** ay nagsasabi kung saan tayo pupunta, at ang ating **Values** ay kung ano ang pinapahalagahan natin bilang isang pamilya na sumasamba at naglilingkod sa Diyos.

Dito po sa The Filipino Church ay mayroong **Ten Core Values** na magsisilibing pundasyon na magpapakilala kung sino at ano ang ating pinapahalagahan bilang mga tagasunod at tagapaglingkod ng Panginoon. Mayroon din po tayong **Code of Behavior**. Para po sa katagumpayan ng ating **Mission**, mahalaga po na tayo ay Nagkakaisa puso at damdamin, kultura, teolohiya sa iisang Espiritu ng Diyos Ama, Diyos Anak at Diyos Espiritu Santo.

Code of Behavior

Ang The Filipino Church ay nais natin bigyan ng mataas na antas pagdating sa serbisyo saating komunidad, saating mga kapatiran sa loob at labas man ng Iglesya. Atin pong tatandaan na ang Pangalan na ating dadalhin ay ang pangalan ng ating Panginoong Hesus kayat marapatin po natin na bigyan ng mataas na kalidad at Antas ang serbisyong ating gagawin upang maparangalan ng lubos ang Ating Panginoon. Sa ganito pong pagkakataon, kung tayo po ay nagnanais na maging kamanggagawa ng Diyos dito sa The Filipino Church, ang bawat tagapalingkod po ay inaasahang sumunod sa mga alintuntunin kagaya ng

I-respeto natin ang katotohan na ang The Filipino Church ay bahagi ng Universal Christian Church na ang polisiya ay nakabase sa Kristiyanong pananampalataya at biblical na mga prinsipyo na ang pinapahalagahan ay ang pagrespeto at pagmamahal sa Diyos, Dignidad, Moralidad at pagpapahalaga at malasakit sa kapwa-tao, Mananampalataya man o hindi Filipino o ibang-lahi.

- Umiwas sa masasamang bisyo.
- Iwasan ang pagbibitiw ng mga masasakit na salita, pagbibiro na nauuwi sa alitan at pagmumura.
- Iwasan manguna sa mga walang kabuluhang pagtatalo o debate.
- Iwasan maging sanhi ng pagkakabaha-bahagi sa Iglesya.
- Umiwas sa mga usapang walang kabuluhan o tsismis.

- Unawain at sikaping ipamuhay ang ating "**Team Values**"

TEAM CORE VALUES

1. Maging kagaya ni Hesus - sikapin ipakita at ipamuhay ang karakter ni Hesus sa lahat ng ating sasabihin at gagawin. **(Character)**
2. Sikapin nating maglingkod na kasama ang banal na Espiritu ng may kalidad at sanayin ang ating sarili na gumawa ng may positibong attitude sa lahat ng bagay at gawin natin ito sa Panginoon **(Excellence)**
3. Sikapin natin i-trato ang lahat ng may respeto, pinapahalagahan ang damdamin, iginagalang ang pagkakaiba ng ideya at opinyon. **(Respect)**
4. Sikapin natin mapahalagahan ang ating kapwa-tao na may pagmamahal, maayos na pakikitungo at masayahing Espiritu. **(Serving Spirit)**
5. Sikapin natin magbuo ng palagiang bukas, makakatohanan, payapa at positibong lugar na ang pagkakaiba-iba ay malayang maibabahagi ng bawat isa, mga bagong ideya ay mabigyan ng pansin, mga talento na galing sa Diyos ay malayang mabigyan ng pagkakataong ibahagi. **(Athmosphere)**
6. Sikapin natin na ang malalim na pakikipagrelasyon sa Diyos ang palagiang Maging Sentro ng ating mga diskusyon sa lahat ng ating gagawin. **(Spirituality)**
7. Bigyan ng pansin ang Pagbabago. Alalahanin na ang lumalagong Iglesya ay may kasabay na pagbabago. **(Flexibility)**
8. Sikapin natin maging mabuting katiwala ng lahat ng mga biyayang ipinagkatiwala saating kakayanan. **(Stewardship)**
9. Sikapin natin maging daluyan ng pagpapala sa pamamagitan ng pagpapalakasan sa isat-isa, magtulungan sa pasanin. **(Encouragement)**
10. Sikapin natin bigyan ng pansin ang bawat isa na may ibat-ibang gampanin role at maglingkod na kasama ang Espiritu ng pagkakaisa upang makamit ang iisang Misyong ng Iglesya ng Diyos. **(Teamwork)**

Team Member Requirements:

Ang lahat ng nag nanais na maging kabahagi sa gawain ng Panginoon ay kinakailangang:

- Unawain ang polisiya o ang ating TFC team membership Agreement guidelines.
- Tiyakin sa kanyang Sarili na maglalaan siya ng kanyang panahon sa paglilingkod.
- **Sikapin dumalo** sa mga pangunahing pagtitipon ng TFC.
 - Sunday Service
 - Connect Group (Bible Study)
 - Prayer Meeting
 - Mga ibat-ibang pag-aaral at Pagsasanay na ibinibigay ng TFC

Safety and Policy

Ang lahat ng nagnanais na maging kabahagi at kamanggagawa ng The Filipino Church ay may **Pananagutan** na maging maingat sa kanyang seguridad, may malinis at maaliwalas na kapaligiran sa loob at labas ng simbahan.

- Nililinis ang anumang bagay at lugar na kanyang ginamit (kids room, kitchen, sanctuary, conference room, bathroom, nagtatapon ng basura, etc.)
- Umiiwas sa aksidente o sa anumang bagay na makakasakit sa kanya o sa lahat ng kanyang sinasakupan.
- May pananagutan i-report ang anumang bagay o mga insidente sa kinauukulan.

Ang pagtataguyod ng maka Diyos, malinis at protektadong kapaligiran ang palagian binibigyan pansin ng bawat isa lalo pat ikaw ay miyembro ng **"TEAM"** o Manggagawa ng Panginoon.

Serbisyo Sa Mga Bagong Kapatiran

Mahalaga at palagian natin ipapamalas ang ating kahusayan sa pagiging-palaka-ibigan, pagbati sa ating mga kapatiran, lalo't ang iba sa kanila ay bago at nagsisimula pa lamang na dumadalo saating Sambahan. Palagian natin isuot kung kinakailangan ang ating name badge o tag (kung ipapatupad ito), o kaya naman ay banggitin natin ang ating mga pangalan, at kunin din naman natin ang kanilang pangalan. Maging mainit ang ating pagtanggap at kakitaan tayo ng makatotohanang damdamin kapag nakikipag usap. Iwasan natin tumayo sa mga daraanan at makipag kwentuhan sa kapwa team members sa harap ng mga bagong dumadalo, ang ganitong tagpo ay nag iiwan ng kakaibang impresyon (impression of exclusion) sa mga bago natin miyembro.

DONATIONS:

Ang The Filipino Church ay nakadepende sa mga taong may puso mapagbigay kung kaya't ang gawain ng Panginoon ay nagpapatuloy. Ang lahat ng nagnanais na magkaloob sa gawain ng Panginoon sa anumang halaga ay maari pong iparecord saating Finance Committee at kung kinakailangan humingi ng Tax Deductible forms, ay inyo din po itong ipaalam upang kayo ay mabigyan.

FUND RAISING PROJECTS:

Ang bawat ministries ng TFC na nagnanais na mag fund-raising ay kinakailangan mag sumite (Submit) ng project proposal sa kinaukulan para ito ay mapag-aralan at maisakatuparan. Ang bawat pondo na mang-gagaling sa ating Simbahan ay kinakailangan mag sumite ng resibo, kinakailangan dumaan sa auditing at kinakailangan gumawa ng report kapag natapos na ang nasabing project. Inaasahan na magbibigay ng 10% na ikapu ang bawat fund raising projects saating church.

Mga Alituntunin sa mga Karaingan o mga Sumbong

Layunin ng The Filipino Church na ang ating mga leaders at mga manggagawa ng iglesya na ang bawat hinaing, sumbong o reklamo ay mabigyan ng tama at kaukulang pansin.

Isa na rito ang mabigyan ng agarang lunas ang bawat kasangkot, bibigyan sila ng panahon para magkakarap magkausap at magkaayos. Magbubuo ng panel ang kinaukulan upang sila ang maging taga pamagitan sa panahon ng pag-aayos ng mga kasangkot. Gagamitin natin ang prinsipyo ng **Mateo 18:15-17**

“Kung magkasala sa iyo ang kapatid mo, puntahan mo siya at kausapin nang sarilinan tungkol sa kanyang kamalian. Kapag nakinig siya sa iyo, naibalik mo sa dati ang pagsasamahan ninyong magkapatid.

Ngunit kung ayaw niyang makinig sa iyo, magsama ka pa ng isa o dalawang tao upang ang lahat ng pinag-usapan ninyo ay mapatunayan ng dalawa o tatlong saksi.

Kung ayaw niyang makinig sa kanila, sabihin mo sa iglesya ang nangyari. At kung ayaw pa rin niyang makinig sa iglesya, ituring mo siyang parang Hentil o isang maniningil ng buwis.” ' Mateo 18:15-17 RTPV05

Kung ang nasabing Verses ay hindi napangyari at ang sangkot ay patuloy parin sa paglabag saating **Code of Behavior** and **Team Code Values** ay daraan sa Disciplinary Action.

The Filipino Church

Cell: 303-475-0255

Email: tfcarnoldc0511@gmail.com



Team Member APPLICATION

First Name	Last Name	Signature	Date
------------	-----------	-----------	------

Address: _____

City: _____ Zip Code: _____

Cell Phone: _____ Email: _____

List any previous volunteer or community work – specific qualifications or trade skills.

Do you have a current driver's license? Y ___ N ___. Do you have your own transport? Y___ N ___.

How would you rate your health? _____

In case of emergency, person to be notified.

Name: _____ Phone: _____

Address: _____

If you are under 18 years of age, does your parents/guardian approve of you making this application?
Y___ N ___

Parents/guardian's _____

Name	Signature	Date
------	-----------	------

Address: _____

Cell Phone: _____ Email: _____

The Filipino Church Representative or Leader.

Church _____

First Name	Last Name	Signature	Date
------------	-----------	-----------	------

The Filipino Church

Cell: 303-475-0255
Email: tfcarnoldc0511@gmail.com



Team Member AGREEMENT

I, _____
(NAME) (Signature) (Date)

I, as a Team Member of The Filipino Church, mutually agree to all terms of the Team Members document and the policies of The Filipino Church.

I understand that as a volunteer I may not receive a wage salary or any reimbursement.

I understand the The Filipino Church is a Christian organization and as a Team Member I am a representative and agree to uphold their principles and standards.

I agree to abide by the The Filipino Church policies and procedure and acknowledge that a copy of its policies has been made available to me.

If I am injured through an accident in the course of my duties as a Team Member, I will immediately report the incident to the appropriate representative of The Filipino Church (TFC).

I understand that if my service as a Team Member are no longer required there is no obligation on the The Filipino Church to provide me with volunteer task or activities.

I accept the responsibility of a Team Member and the wearing of a The Filipino Church badge and agree to respect and adhere to terms and conditions as detailed herein.

Team Member _____
(Print NAME) (Signature) (Date)

Department of The Filipino Church _____

Representative _____
(Print NAME) (Signature) (Date)